AHA! LEARNING CENTER'S
# ESKWELANG PAMILYA
/ahalearning /ahalearns

## WRITING PROMPTS FOR GRADE 1 TO HIGH SCHOOL
**Aralin 74**

| **Pambungad** |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting makata! Handa ka na bang magsulat ng iyong kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating isulat ang laman ng ating isipan. Ihanda ang imahinasyon; gagawa tayo ng istorya!* |

| **Writing Prompts for Grades 1 to High School - Aralin 74** |
|---|
| Theme: Ang Batang Ayaw Kumain Ng Gulay - Bakit Nga Ba Dapat Kumain Ng Gulay? |
| Content Creator: April Grace M. Garcia |

**ANG BATANG AYAW KUMAIN NG GULAY: BAKIT NGA BA DAPAT KUMAIN NG GULAY?**

**WRITING PROMPT LESSON 74**
---

**I.Pagbati**
Magandang buhay, mga makata! Ito na naman si Teacher ________!

Sa linggong ito, susundan natin ang kwento ng isang batang ayaw kumain ng gulay. Sa nakaraang araw, nakita natin ang opisina ng mga diwata nalaman mo rin na hindi masarap ang hotdog para sa mga kambing, sa araw na ito, malalaman na natin kung bakit nga ba dapat kumain ng gulay.

**II.Writing Prompt of the Day**
Matapos mong maubos ang gulay sa plato, tinanong ka ng diwata, "Busog?" Isang malaking tango ang iyong sagot.

Tinuro niya ang malaking screen sa harap.

Makikita sa screen ang isang video ng kung bakit mahalagang kumain ng gulay, umaakma ang video ayon sa kanyang sinasabi.

“Ang gulay ay isang biyaya mula sa Diyos. Ito ay ang pinakamasustansyang pagkain. Puno ng bitamina at mineral. Kapag kinain mo ito, tinutulungan nito ang iyong katawan na labanan ang mga sakit! Isang napakahalagang bagay sa iyong magandang paglaki.”

Manghang-mangha ka sa nakita mong video. Magic talaga!

“Kapag kumakain ka ng gulay natututulungan mo ang mga magsasaka na nagtatanim ng mga gulay na ito. Natutulungan mo silang kumita at makakain rin ng masarap tulad mo. Tuwing nakakatulong ka sa mga magsasaka, natutulungan mo rin ang mga insekto at hayop nananinirahan sa mga sakahan at lugar ng taniman. Natutulungan mo silang panatilihin ang balanse ng ating kapaligiran. Higit sa lahat, ang pagkain ng gulay ay ligaya para sa iyong mga magulang, dahil alam nilang lalaking malakas at malusog ang kanilang anak.”

Ngumiti ang diwata sa iyo. “Alam mo na kung gaano kahalaga ang iyong pagkain ng gulay?” Tumango ka at ikaw ay pinatayo ng diwata upang muling bumalik sa bubuyog. Ano kayang susunod na mangyayari sa kwento?

•Anong maiisip mo kung ikaw ang nanunuod ng video na umaayon sa salita ng diwata?
•Matapos marinig ang diwata, tingin mo kakain na ng gulay ang bida?
•Para sa iyo, bakit dapat kumain ng gulay?
•Masaya ba sina nanay at tatay kapag magiliw kang kumakain ng gulay?
•Saan na kaya pupunta ang bida at ang diwata?

**III.Teacher’s Message**
Ano kayang mangyayari sa ating kwento? Kung kaya ninyong isulat sa Ingles ang inyong kwento pagkatapos, subukan niyo rin!

Excited na kaming malaman ang inyong kwento. Tandaang gamitin ang mga tanong upang mabuo ang iyong kwento. Abangan din next time ang susunod na kabanata!

“This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center.”